# A B S T R A K

Ipinakita sa mga obserbasyon ni Ginang Letizia Constantino na ang mga pang-araling-aklat na pinondohan ng *World Bank* ang pamamahagi nito ng isang matabang ng kamalayang pang-kultura. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglayong pagpasubalian o pagtibayin ang mga obserbasyong ito.

Sa pananaliksik na isinagawa ay nakita sa dalawang grupo ng mag-aaral sa mababang baitang (isa mula sa pang-publikong paaralan at isa sa pang-pribadong paaralan) ang kaibhan sa kaisipan ng mga ito ukol sa pambansang kasarinlan ay mayroong relasyon sa kaibhan sa antas ng pagpapasailalim sa mga pang-araling-aklat na pinondohan ng *World Bank*. Sa isinagawang pamamaraan sa pamamagitan ng isang palatanungan at ng iba't-ibang panunuring istatistika ay nakita na ang pang-kultural na pag-iisip ng mga mag-aaral na gumamit ng pang-araling-aklat ay isang kaisipan na tumatanggap ng sariling kultura. Ngunit bagamat ganito ang kaisipan ng mga mag-aaral ay nakita na ang mga ito ay hindi mapagpalaya sa antas ng pang-ekonomiya at pang-politika.

Nakita na ang epekto sa mga mag-aaral sa larangan ng pang-kultura, pang-ekonomiya at pang-politikang kaisipan ay tungo sa pagtanggap ng kasalukuyang kaayusan at ang pagtatanim ng isang matabang na kamalayang pang-kultura. Ito ay kung saan walang pakikisangkot at walang sariling pagpapasiya sa pansariling patutunguhan. Sa maikling pahayag ay naipakita na tunay nga ang paghubog sa mga kaisipan ng mga mag-aaral na tatanggap sa kasalukuyang kaayusan sa lipunan at ng kanyang kinalalagyan rito.